ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 7
Abril 7, 2018
www.philippinerevolution.info

## Kaswalti ng AFP sa SMR, hindi bababa sa 36

BILANG PAGSALUBONG SA ika-49 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), naglunsad ang mga Pulang mandirigma ng Southern Mindanao Region (SMR) ng mga aksyong militar laban sa pinatinding terorismong militar ng rehimeng US-Duterte sa rehiyon. Hindi bababa sa 36 na kaswalti ang tinamo ng mga sundalo sa mga operasyong haras, demolisyon at ambus na isinagawa ng BHB sa iba't ibang prubinsya ng rehiyon mula Pebrero hanggang Marso 2018.

Noong Marso 22, nagsagawa ng serye ng mga atritibong aksyon ang BHB-SMR at tatlong beses na binigwasan ang mga nag-ooperasyong tropa ng AFP. Lulan sa pitong sasakyang nakakomboy, tinambangan ng BHB-Mt. Apo Subregional Command ang mga tropa ng 19th IB sa Barangay Manobo, Magpet, North Cotabato. Samantala, inambus naman ng Guerilla Front 56 ang mga tropa ng 56th IB sa Sityo Nasilaban, Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte. Noong araw ding iyon, inambus ng mga Pulang mandirigma ang mga tropa ng 71st IB habang lulan ng anim na motorsiklo sa Barangay Magangit, Maco, Compostela Valley.

Responsable ang 71st IB sa mga serye ng iligal na pag-aresto, detensyon, at ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga sibilyang

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Ang posibilidad ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan

Sinusuportahan ng Partido Komunista ng Pilipinas, gayundin ng Bagong Hukbong Bayan, ang posibilidad ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Kaakibat ito sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan ng pagiging palagiang bukas na makipag-usap sa anumang rehimen handang makipagnegosasyon para lutasin ang mga ugat ng gera sibil sa bansa.

Lubos na sinusuportahan ng PKP at BHB ang *negotiating panel* ng NDFP bilang kinatawan ng buong rebolusyonaryong kilusan. Pinanghahawakan nito ang pusisyon ng NDFP na dapat walang paunang kundisyon sa pag-uusap, na siyang prinsipyong itinakda sa The Hague Joint Declaration ng 1992, na pinagkaisahang itaguyod ng dalawang panig.

Umaasa ang sambayanang Pilipino na maitutuloy na ang pag-uusap tungkol sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Ito ang nakatakda nang pag-usapan ng dalawang panig sa ikalimang serye noong Nobyembre 2017 bago kinansela ni Duterte ang pag-uusap. Igigiit rin ng NDFP na ipatupad ang naunang kasunduang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Alinsunod sa CARHRIHL at sa napagkasunduan sa unang serye ng pag-uusap noong 2016, dapat agad na maglabas ang GRP ng proklamasyon para sa pangkalahatang amnestiya at palayain ang lahat ng mga bilanggong

pulitikal.

Ang posibilidad na muling magbukas ang negosasyon ay bunga ng pagkambyo ni Duterte sa deklarasyon niya ng pagtatapos ng usapang kapayapaan (Proclamation No. 360) at ng kasunod na pagdedeklarang terorista ang PKP at BHB (Proclamation No. 374).

Sa ngayon, wala pang ipinakikitang mga kongkretong hakbangin si Duterte para maging dahilan na pahupain ng mamamayang Pilipino ang kanilang pagkilos para labanan ang kanyang kinamumuhiang rehimen at ipanawagang pabagsakin ito. Habang walang makabuluhang hakbang ang rehimen para ipatupad ang naunang mga kasunduan at seryosong makipagnegosasyon kaugnay sa mga repormang sosyo-ekonomiko, ang pagbuhay ni Duterte sa usapang pangkapayapaan ay pawang buladas lamang at pampabango sa harap ng ng kinakaharap niyang tumitinding krisis sa pulitika.

Batid ng rebolusyonaryong kilusan na habang nakikipag-usap ito, tuluy-tuloy ang burukrata-kapitalistang korapsyon at krimen ni Duterte. Harap-harapan ang kanyang pagpabor sa malalaking dayuhang kapitalista at kanilang mga lokal na kasosyong kumprador. Walang tigil ang kanyang pagmamaniobra para mapakinabangan ng kanyang pamilya, mga kroni at tagasuporta ang mga pampublikong kontrata sa ilalim ng programang "Build, Build, Build."

Nagpapatuloy din ang neoliberal na mga patakaran ng rehimen na nagpapahirap sa mamamayan. Mula nang ipatupad ang batas na TRAIN law noong simula ng taon, tuluy-tuloy ang pagsirit ng presyo ng mga produktong petrolyo, pagkain at mga batayang serbisyo. Ang Build, Build, Build at TRAIN ay kabaliktaran sa mga sosyo-ekonomyang reporma na isinusulong sa usapang pangkapayapaan.

Batid din ng rebolusyonaryong kilusan na patuloy at lalupang tumitindi ang kanyang pangangayupapa sa imperyalismong US, ang amo ng AFP na siyang pangunahing makinarya sa kanyang terorismo. Ibinabando niya ang "independyenteng patakarang panlabas" pero para makapanlimos sa China para pondohan ang kanyang engrandeng programang imprastruktura kapalit ang ilang soberanong teritoryo ng bansa.

Tuluy-tuloy ang martsa ng rehimeng US-Duterte tungo sa pagtatatag ng pasistang diktadura para solohin ang kapangyarihan sa pulitika at makapangunyapit sa poder. Nananatiling laganap ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang, kapwa sa ilalim ng kanyang "gera kontra-droga" at todo-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, nagpapatuloy ang brutal na pananalasa ng AFP sa kanayunan. Inookupa ng mga tropa nito ang buu-buong komunidad, binobomba ang mga ito at pinapatawan ng mga blokeyo. Laganap ang paggamit ng panlilinlang at intimidasyon para takutin ang mamamayan para pwersahin silang pumarada bilang mga "NPA surrenderee." Pinakamatindi ito sa Mindanao kung saan umiiral ang batas militar.

Sa harap nito at kasabay ng usapang pangkapayapaan, kailangang paigtingin ng mamamayan ang kanilang mga paglaban kontra sa terorismo, tiraniya at pagpapahirap ng rehimeng US-Duterte. Kailangan palakihin ang mga kilos-protesta para igiit ang kanilang demokratikong kahilingan—lupa, trabaho, nakabubuhay na sahod, pabahay, edukasyon at iba pang batayang serbisyo.

Dapat palakasin ng sambayanang Pilipino ang panawagang wakasan ang batas militar sa Mindanao. Dapat papanagutin si Duterte at ang AFP sa kanilang pangwawasak sa Marawi at sa daan-daang namatay at nawawala roon. Gayundin, dapat papanagutin si Duterte at ang AFP sa humahabang duguang listahan ng mga brutal at malulupit na krimen.

Sa harap ng teroristang pananalasa ng pasistang rehimeng US-Duterte, walang ibang masusulingan ang Bagong Hukbong Bayan kundi ilunsad ang digmang bayan sa buong bansa para ipagtanggol ang mamamayan. AB


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 7 | Abril l 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/cppinfobureau

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Ang posibilidad ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan 1

Kaswalti ng AFP, di bababa sa 36 1

BHB, tuluy-tuloy na lumalawak 4

Mga Lumad sa BHB 5

Giit ng mamamayan ng Marawi 6

Masaker ng mga sibilyang Palestino 7

Ang mga *drone* sa kasaysayan 8

Apat na sibilyan, pinatay ng AFP 9

*Fact finding mission*, hinarang 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Kaswalti..." mula sa pahina 1*

magsasaka sa Compostella Valley. Kabilang dito ang pag-aresto, pagtortyur, at tangkang pagsunog sa katawan ng dalawang sibilyan noong nakaraang taon.

Walong patay at hindi bababa sa lima ang nasugatan sa kaaway sa tatlong prubinsya ng rehiyon sa loob lamang ng isang araw.


**Compostela Valley**. Noong Marso 20, naglunsad ng operasyong demolisyon ang mga Pulang mandirigma mula sa ComVal-Davao Gulf Subregional Command laban sa 46th IB sa Lawasan, Pantukan kung saan tatlong sundalo ang nasugatan. Tatlong sundalo rin ng 66th IB ang namatay sa isa pang operasyong demolisyon na isinagawa ng BHB-Compostela Valley sa Sityo Taytayan, Barangay Andap, New Bataan.

**Davao del Sur**. Pinangunahan ng Mt. Apo Subregional Command ang pag-ambus noong Marso 5 sa pinagsanib na operasyon ng 102nd Division Reconnaissance Company at 39th IB sa Sityo Landig, Barangay Sibulan, Sta. Cruz. Pito ang naitalang kaswalti sa kaaway.

Samantala, pilit na itinatanggi ng AFP ang pagkatalo na ito at pinalalabas na isa lamang sa kanilang tropa ang nasugatan.

**Davao City**. Tatlong beses na binigwasan ng 3rd Pulang Bagani Company ang mga tropa ng 3rd IB sa Sityo Basicong at Sityo Utan sa Barangay Tamugan, Baguio District noong Pebrero 23-26. Bilang ganti, binomba ng mga sundalo ang mga komunidad ng Lumad sa loob ng dalawang araw. Iligal din na hinalughog at sinunog ang bahay ng dalawang sibilyan.

Sa Barangay Manuel Guiang, pinarusahan ng BHB sina Toto Costan at Daden Diaz na kapwa paramilitar at kasapi ng Barangay Intelligence Network (BIN) na naghahasik ng takot sa mga sibilyan, at aktibong naniniktik at nanghaharas sa mga lider masa at lokal na aktibista sa komunidad.




**North Cotabato**. Tatlong tropa ng 19th IB naman ang kumpirmadong patay matapos ang matagumpay na operasyong demolisyon ng mga Pulang mandirigma sa Purok 8, Barangay Greenhills, Pres. Roxas noong Pebrero 24.

**Davao del Norte.** Noong Pebrero 11, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang mga tropang kaaway ng 60th IB sa Purok 1-A, Barangay Kiokmay, Laak.

Lima naman ang kumpirmadong patay sa kaaway pagkatapos pasabugan ng mga *command detonated explosive* ng Guerrilla Front 56 ang mga nag-ooperasyong tropa ng 3rd IB sa Sityo Balaas, Barangay Gumitan, Marilog District noong Pebrero 9.

**Negros Oriental.** Pinarusahan ng Leonardo Panaligan Command noong Marso 21 dakong alas-4 ng umaga sa Barangay Basak, Guihulngan si Rene Torres, isang ahenteng paniktik ng PNP at AFP na aktibong nagmamanman sa mga kilos ng BHB magmula pa noong dekada '90. Lihim itong nag-uulat sa kapulisan at sa mga detatsment ng AFP na malapit sa kanilang lugar lalung-lalo na sa 11th IB na nakadestino sa mga barangay ng McKinley at Buenavista.


**Kalinga.** Sinalakay ng isang yunit ng Lejo Cawilan Command ang isang detatsment ng 50th IB sa Sityo Guesang, Poblacion Salegseg, Balbalan. Isa ang kumpirmadong patay at may hindi matukoy na bilang ng sugatan sa panig ng AFP. Ang nasabing detatsment ay nagsisilbing *advance command post* ng Alpha Company ng 50th IB kung saan ginagamit ng AFP ang mga sibilyan ng tribung Salegseg bilang pananggalang.

Sa utos ng rehimeng US-Duterte, maraming baryo ng mga pambansang minorya sa Kalinga ang kasalukuyang inookupa ng 50th IB bilang gwardya ng malalaking kumpanya na balak magbukas ng malakihang mina o magtayo ng malalaking planta ng enerhiya sa Kalinga, tulad ng Cordillera Exploration Company, Inc. (CEXCI)-Nickel Asia, Lepanto Consolidated Mining Company, Freeport McMoran, Chevron, San Lorenzo Ruiz Builders, DPJ Engineers and Consultants at Kalinga Hydro. Ang pagpasok ng mga proyektong ito sa lupaing ninuno ay pinakamatinding porma ng pambansang pang-aapi laban sa mga pambansang minorya hindi lang sa Kalinga kundi sa iba pang prubinsya ng Cordillera.

**Nueva Ecija.** Nagsagawa ng atritibong aksyong militar ang isnayper yunit ng BHB-Nueva Ecija laban sa nag-ooperasyong pasistang tropa ng 84th IB sa Barangay Piut, Carranglan noong Marso 23 dakong 10:30 ng umaga. Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang sasakyan ng militar na bumabaybay pababa sa Cagayan Valley Road. Isa ang naiulat na kaswalti sa hanay ng militar. AB

# BHB, tuluy-tuloy na lumalawak

Tuluy-tuloy ang paglaki ng Bagong Hukbong Bayan habang papalapit ang ika-50 anibersaryo ng pagkatatag nito. Ito ang pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mensahe nito sa ika-49 anibersaryo ng pagkakatatag ng BHB noong Marso 29.



Inilarawan ng Komite Sentral ng Partido na ang BHB ngayon ay binubuo mayorya ng mga kabataang Pulang mandirigma at kumander mula sa mga magsasaka, manggagawa at intelihensyang lunsod na siyang nagbibigay ng rebolusyonaryong kasiglahan, optimismo at katapangan. Bunga nito, "lalong lumakas ang komitment at kapasyahan ng BHB na paglingkuran ang sambayanan at isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas."

Hindi nakapigil ang mabangis na gerang inilulunsad ng pasistang rehimeng US-Duterte sa paglaki ng hukbong bayan. Maaalalang buong yabang na idineklara ni Duterte na gagapiin niya ang BHB bago matapos ang taong 2018.

Habang tumitindi ang tiraniya ni Duterte at sinusupil niya ang mga demokratikong karapatan at kalayaan, dumadami naman ang mamamayang lumalaban at naglulunsad ng iba't ibang anyo ng pagtutol. Milyun-milyon ang napupukaw at nakapagtanto na makatarungan at may makasaysayang pangangailangan ang paglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang tapusin ang rehimeng Duterte at isulong ang kabuuang rebolusyonaryong adhikain.

**55% paglaki.** Sa aktwal, lumaki nang 55% ang kabuuang bilang ng bagong rekluta ng BHB sa nakaraang isa't kalahating taong panunungkulan ng palalong Duterte kumpara sa nakaraang apat na taon sa ilalim ng rehimeng Aquino (2012-2016).

Tuluy-tuloy ang pagdami ng mga kabataang intelektwal mula sa kalunsaran na sumasapi sa BHB. At, kagaya ng kanyang inidolong diktador na si Ferdinand Marcos, pinatutunayan ni Duterte na siya ang numero unong rekruter ng BHB.

Sa nakaraang taon, ang BHB sa buong kapuluan ay nakapaglunsad ng hindi bababa sa 1,000 taktikal na opensiba at iba't ibang tipo ng mga aksyong militar. Kabilang dito ang 700 sa Mindanao sa ilalim ng batas militar. Ang mga ito ay nagpapatunay sa determinasyon ng BHB na labanan ang pasistang lagim na inihahasik ng papet at pasistang rehimen.

Samantala, iniulat naman ni Ka Oris, tagapagsalita ng National Operations Command (NOC) ng BHB na "nanatiling malakas ang ating pwersang BHB sa Mindanao sa harap ng militaristang pagsisikap ng pasistang rehimen na durugin ito sa pamamagitan ng pagdeploy ng 70% ng armadong lakas laban kapwa sa BHB at pwersang pananggol ng Moro. Nagbigay-daan ito sa iba pang rehiyon sa Luzon at Visayas upang lumakas at lumawak. "

Nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba ang mga yunit ng BHB sa Luzon at Visayas, partikular sa mga prubinsya ng Kalinga, Abra, Ilocos Sur, Cagayan, Quirino, Nueva Vizcaya, Laguna, Batangas, Quezon, Mindoro, Sorsogon, Camarines Norte, Camarines Sur, Eastern Samar, Western Samar, Leyte, Negros Occidental, Capiz, Iloilo at iba pa.

Resulta nito, napipilitan ang kaaway na banatin ang kanyang pwersa sa buong kapuluan.

Kaakibat ng mga taktikal na opensiba ang "malawakang mga aksyong atritibo na nagdulot ng signipikanteng kaswalti sa kaaway, nagpahina... at nagpahirap sa pagkamit ng planong pagtatayo ng mga bagong batalyon at dibisyon. Alinmang natamong taktikal na pagkatalo ay pinaghalawan ng BHB ng mga aral sa pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya upang harapin ang pinatinding atake ng kaaway na gumagamit ng *high-tech* na mga kagamitang pandigma ng imperyalista," sabi ni Ka Oris.

Dagdag pa niya, "Sa kabila ng pambobomba mula sa himpapawid, panganganyon, pamamaslang, panununog, pananakot at panlilinlang ng mga sugong militar ng rehimen, lumaki ng 10% ang baseng masa ng hukbong bayan sa Luzon at Visayas, at maging sa Mindanao kung saan pinakamatindi ang karahasang militar."

"Naisalin ito sa dagdag na mga larangang gerilya kung saan tumulong ang hukbong bayan sa pagpapaunlad ng mas maraming organo ng kapangyarihang pampulitika at rebolusyonaryong organisasyong masa na napanday sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo, pakikibaka para sa karapatan sa lupang ninuno at sa pagpapasya-sa-sarili, paglaban sa pasismo at militarisasyon, pagtanggol laban sa imperyalistang pandarambong at paninira sa kalikasan dala ng malawakang pagmimina at mga komersyal na plantasyon."

**Mga atas.** Kaugnay sa pagha-


handa ng mga rebolusyonaryong pwersa sa darating na ika-50 anibersaryo ng pagkatatag ng ating Partido, inaatasan ng NOC ang BHB na "kamtin sa pinakamabilis na paraang makakaya ang pinakamainam na latag at pinakamabisang pagtutulungan sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan."

Sa partikular, ilang ulit na palalakihin at palalakasin ang hukbong bayan sa pamamagitan ng aktibong rekrutment, treyning at pagpapaunlad ng mga Pulang kumander, mandirigma at kadreng militar; pagpapaunlad ng mga istruktura ng kumand sa lahat ng antas; pagpaparami at pagpapaunlad ng kalidad ng sandata; ibayong pagpapaunlad ng kakayahan sa paniktik; pagbubuo ng mas maraming yunit ng milisyang bayan; at paglulunsad ng mga taktikal na opensibang mahusay na pinagplanuhan upang lipulin ang mga yunit ng kaaway, pagbayarin sila sa mga kriminal na pananagutan, pahinain at kumpiskahin ang kanilang mga sandata."

Sa pagtatapos, mariin ang tagubilin ni Ka Oris: Gawin ang okasyon ng pagdiriwang ngayon ng BHB upang "patatagin ang ating pagkakaisa na ipagpatuloy at lalo pang pag-ibayuhin ang *momentum* na nakamit natin sa nakaraang taon. Pag-ibayuhin natin ang ating kapasyahan, kasiglahan at kakayahang lumaban at muling pagtibayin ang determinasyon na tupdin ang mga atas ng Partido Komunista ng Pilipinas."

Nagpalabas din ng kani-kanilang mga mensahe ang NDF-Mindanao, mga panrehiyong komite ng Partido at kumand ng BHB sa Northeastern Mindanao, North Central Mindanao, Sorsogon, Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Masbate, Panay, Negros at Kalinga. Upang mabasa ang mga pahayag na ito, tumungo lamang sa Philippine Revolution Web Central (philippinerevolution.info). AB

# Mga Lumad laban kay Duterte




Ang makibaka upang isulong ang karapatan sa edukasyon, sa lupa, sa sariling pagpapasya ay hindi kamangmangan, kundi katalinuhan. Ang kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno sa mga Lumad at pagkait ng kanilang mga karapatan sa lupa ang dahilan kung bakit buong tatag na sumasabak ang mga Lumad sa armadong pakikibaka.

Pinabulaanan ni Ka Bick Mar, isang Pampulitikang Instruktor ng BHB, ang pahayag ni Duterte na nililoko lamang ng BHB ang mga Lumad na kasapi nito. Sa panayam sa kanya ng *Ang Bayan*, isinaad ni Ka Bick Mar, "bilang isang Lumad, sa aking nasaksihan, walang basehan (ang sinasabi ni Duterte) na niloloko lang ng BHB ang mga Lumad. Ako, bilang Lumad, ay boluntaryong sumampa sa BHB sa kagustuhang organisahin ang mga Lumad upang mamulat sila sa tunay na kalagayan."

Si Ka Bick Mar, 23, ay isang magsasakang Lumad. Bata pa lamang ay nahubog na siya sa rebolusyonaryong kilusan. Tagubilin ng kanyang ama bago mamatay, kailan ma'y huwag humiwalay sa rebolusyonaryong kilusan, dahil kung wala ang kilusan ay matagal nang wasak ang kalikasan. Sa edad na 18, nagpultaym siya sa BHB at kalauna'y naging ganap na kasapi ng Partido. Kasalukuyan siyang namumuno sa isang platun ng BHB bilang Pampulitikang Instruktor. Lumad din ang naging asawa ni Ka Bick Mar na nagsisilbi namang medik ng platun.

Ayon naman kay Ka Pigan, isang Pulang kumander ng BHB, "tanging ang reaksyunaryong gubyerno ang nanlilinlang sa mga Lumad, binubulok nito ang mga datu at nagbubuo ng mga grupong paramilitar upang supilin ang mga Lumad na nakikibaka para depensahan ang lupang ninuno laban sa dayuhang pagmimina." Aniya, "mas madumi pa sa tae" ang pamamaraan ng gubyerno, walang ginawa kundi maghasik ng takot at pambubulok.

Si Ka Pigan, 57 anyos, ay isa ring magsasakang Lumad. Nagdesisyon siyang sumapi sa BHB noong taong 2000 dahil sa panggigipit sa kanya at kanyang pamilya ng reaksyunaryong estado gamit ang grupong paramilitar na Delamance. Sa harap ng pandarahas, hindi natinag ang kanyang paninindigan. Inilista siya ng rehimeng US-Duterte ngayong taon bilang isang "terorista." Sa limang anak ni Ka Pigan, ang isa ay kumander din ng BHB.

Hindi maipagkakaila na marami sa kabataang Lumad ang sumasapi sa BHB. Ipinaliwanag kamakailan ni Ka Oris, tagapagsalita ng BHB, na "marami talaga sa mga kasapi ng BHB (sa Mindanao) ay mga magsasakang Lumad, dahil mas pinapaburan pa ng reaksyunaryong gubyerno ang malalaking mina at malawak na plantasyon ng mga malalaking korporasyon na magpapalayas sa mga Lumad, kaya natural na lumaban sila upang de-

pensahan ang kanilang lupa."

Pinuna ni Ka Bick Mar ang pahayag ni Duterte na naghahalintulad sa mga organisador ng BHB sa mga "ahas" dahil sinisira daw nila ang "paraiso" ng mga Lumad. Aniya, "hindi (kami) ahas, sapagkat katotohanan ang aming sinasabi at dama ito ng mamamayan kaya sila patuloy na sumusuporta, at kung ahas, hindi sana ganito kalakas ang kilusan ngayon dahil walang sasampa sa BHB kung masama ang hangarin nito."

Bilang mga kumander ng BHB at pinuno ng Partido, ang mga katulad nila Ka Bick Mar at Ka Pigan na mga Lumad ang nagpapasinungaling sa sinasabi ni Duterte na pinagsasamantalahan ang "kamangmangan" ng mga Lumad. Marami sa mga kasamang Lumad ay gumagampan ng mahahalagang papel sa iba't ibang antas at larangan ng BHB at sa pamunuan ng Partido.

Bihasa silang mga organisador, at malakas ang impluwensya nila sa dati nilang mga komunidad. Mahuhusay silang kumander, alam nila ang pasikut-sikot sa kabundukan at mahusay sa aktwal na labanan. Mahusay din silang mga upisyal sa pulitika at bihasa sa pagpapalaganap ng mga aralin at kurso ng Partido.

Karamihan sa mga pambansang minoryang Pilipino ay mga magsasaka. Kinakamkam ang kanilang mga lupa, hindi lamang ng mga panginoong maylupa kundi pati ng mga dambuhalang dayuhang kumpanya sa mina, troso at plantasyon.

Sila ay minumulat ng BHB sa makauring paglaban. Malinaw sa kanila na ang BHB ay kumakatawan sa uring magsasaka, manggagawa at iba pang inaapi at pinagsasamantalahang uri at sektor.

Ayon kay Ka Bick Mar, "tunay na Bagani ng mga Lumad ang BHB dahil nagsisilbi itong tagapagtanggol hindi lamang ng mga Lumad kundi ng buong sambayanan." Bagani ang tawag sa tradisyunal na mandirigma ng ilang grupong Lumad na nagtatanggol laban sa mga mananakop at nagbabanta sa kanilang buhay. Bayani sila kung ituring, katulad ng pagturing ngayon sa kanila bilang mga Pulang mandirigma. AB

---

## Mamamayan ng Marawi, naggigiit nang makabalik sa syudad

Umabot sa rurok na 50,000 residente ng Marawi ang nagmartsa noong Marso 30 tungo sa tinaguriang "ground zero" ng syudad upang igiit ang kanilang karapatang makauwi sa kanilang mga tahanan at ipanawagan ang konsultasyong bayan hinggil sa planong rehabilitasyon sa kanilang lugar. Ang "ground zero" ang bahagi ng Marawi kung saan pinakamatindi ang pagkawasak dulot ng mga pambobomba ng AFP.

Bitbit ang kanilang mga *prayer mat*, ID at plakard, inilunsad ng mga residente ang kanilang martsa-protesta na "Let's go back to Ground Zero." Layunin nilang magpahayag at mag-alay ng dasal para sa mga nasawi dulot ng gera pero hinarang sila ng mga tropa ng AFP dahil mayroong pa diumanong 50 bomba na hindi pa napapasabog sa lugar.

Ayon kay Sultan Abdul Hamidullah Atar, isa sa mga nag-organisa ng aktibidad, isa rin sa layunin ng protesta ang ipahayag ang pagkadismaya ng mga residente sa pagbabalewala sa kanila ng rehimen. Aniya, paulit-ulit nang nagbibigay ng bigong pangako at nagsisinungaling sa mamamayan si Duterte.




Giit ni Atar, matinding paglabag sa karapatan ng mamamayan ang pagbabawal sa kanilang makabalik sa kanilang mga tahanan. Ang panawagang ito ay lehitimo nilang karapatan.

Dagdag pa ni Aida Ibrahim ng Tindeg Ranao, panahon nang pahintulutan ang mga residenteng makauwi, maisalba ang anumang natitira sa kanilang ari-arian at muling itayo ang kanilang mga tahanan at syudad.

Samantala, binatikos ng Ranaw Multi-Sectoral Movement ang plano ng National Economic Development Authority at Task Force Bangon Marawi na gawing *ecozone* ang syudad sa tabing ng rehabilitasyon. Isasailalim ang paggawad ng mga pampublikong kontrata sa iskemang Swiss Challenge kung saan maaaring mag-unahan ang dayuhang mga kumpanya at kanilang mga kasosyo sa paghahapag ng kani-kanilang proyekto. Ang iskemang ito ay batbat ng anomalya at ipapatupad lamang para mapaboran ni Duterte ang kanyang mga kroni at alyadong dayuhang negosyante.

Sa pahayag ng grupo, naisasaisantabi ang kanilang mga karapatan sa huwad na rehabilitasyon ng Marawi. Anito, nabuo ang plano nang hindi man lamang kinokonsulta ang mamamayan ng Marawi. Hindi malinaw kung paano gagawin ang rehabilitasyon. Ang malinaw, hindi kabilang dito ang mga residente.

Aabot na sa mahigit sampung buwan na mula nang lumikas ang

may 400,000 mamamayan sa syudad. Mayorya sa kanila ang hindi pa nakabalik sa kanilang mga tahanan. Sa datos ng DSWD, may 8,000 pa ang nasa mga sentrong ebakwasyon. Sa mga ulat ng lokal na gubyerno, may 1,200 katao ang nasawi dulot nito habang daan-daan pa ang hindi natatagpuan at pinangangambahang nasawi mula sa pambobomba ng AFP. Pebrero pa unang ipinangako ni Duterte na makakauwi na ang mga residente ng *ground zero*.

Iniulat din kamakailan ng AFP na 24 na barangay pa sa syudad ang itinakdang 'off-limits' (hindi maaaring pasukin) dahil may mga bomba pa diumano rito na hindi pa pumuputok. Ang mga barangay na ito ay ang Bangolo Poblacion, Bubonga Lilod Madaya, Daguduban, Dansalan, Datu Naga, Datu sa Dansalan, Kapantaran, Lilod Madaya (Poblacion), Lumbac Marinaut, Lumbaca Madaya (Poblacion), Marinaut East, Marinaut West, Moncado Colony, Moncado Kadingilan, Norhaya Village, Raya Madaya I, Raya Madaya II, Sabala Manao, Sabala Manao Proper, Tolali, Tuca Marinaut, Wawalayan Marinaut, Sangcay Dansalan, at South Madaya Proper. Ang mga barangay na ito ay saklaw ng inaangkin na *military reservation* ng AFP. Dito rin balak itayo ang *ecozone* ng isang dayuhang kumpanya.

Ayon kay Drieza Lininding, tagapangulo ng Moro Consensus Group, hindi para sa interes ng mga taga-Marawi ang pakanang *ecozone* at kampo militar. Giit niya, hindi kailangan ng mamamayang Moro ang engrandeng plano sa muling pagtatayo at rehabilitasyon ng kanilang syudad. Ang tanging nais nila ay makabalik sa kanilang tahanan, may suporta man ang gubyerno o wala.

Dahil sa protesta, pinahintulutan noong Abril 1 ang may 7,000 residente na pumasok sa unang pagkakataon mula nang magsimula ang gera upang kunin lamang ang kanilang natitirang ari-arian.

Sa kanilang pagbisita, muling binigyang diin ng mga residente ang kanilang panawagang permanenteng makabalik na sa lugar. Isinadokumento nila ang mga nawasak na tahanan at ari-arian bilang katibayan sa kanilang panawagan na mabayaran ang mga nasira dulot ng gera at posibleng kaso ng pagnanakaw. Anila, hangga't hindi napakinggan ang kanilang hinaing, magpapatuloy ang kanilang paggigiit sa kanilang mga karapatan at kahingian sa muling pagtatayo ng Marawi.

**Kontrol sa impormasyon**

Sa araw ng protesta, pinigilan ng mga elemento ng 103rd Brigade si Kathyrine Cortez, mamamahayag mula sa Davao Today at myembro ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), na pumasok sa Marawi para ibalita ang pagkilos ng mga residente. Tinangka ng mga sundalo na paalisin siya sa syudad at kumpiskahin ang kanyang ID at camera.

Upang bigyang katwiran ang pandarahas, sinabi ni Col. Romeo Brawner, tagapagsalita ng brigada, na makatwiran ang naging reaksyon ng kanyang mga sundalo dahil sa pagtatangka diumano ng maka-kaliwa at hindi Moro na mga organisasyon na pasukin ang hanay ng mga lehitimong Maranaw upang sila ay udyukan at gawing agresibo at marahas.

Mariing binatikos ng NUJP ang panunupil. Anito, ang pagpapalabas na ang mga hinala ng mga pwersa ng estado ay sapat na dahilan para kanilang pigilan ang mga mamamahayag sa pagbabalita at ipailalim sila sa mga hakbanging iligal gaya ng kumpiskasyon ng pagmamay-ari at arbitraryong pagpapaalis ay tiyak na magsasapanganib sa kanilang mga kasamahan.

Ayon naman sa mga residente, walang ibang dumating na midya sapagkat sadyang pinigilan ng mga sundalo na may makalabas na balita tungkol sa isinagawang protesta. Higit pa rito, sadyang pinahina ang signal sa lugar para pigilan ang mga residente na mag-*post* sa *social media* tungkol sa protesta. AB

## Masaker ng Israel sa mga sibilyang Palestino, kinundena

KINUNDENA NG International League of Peoples' Struggles (ILPS) ang walang pakundangang pamamaril ng mga sundalong Israeli sa nagpuprotestang mamamayan ng Palestine noong Abril 1 at 7. Umaabot na sa 29 ang napatay at halos isang libo ang nasugatan sa dalawang insidente. Ilandaang libo pa ang nasaktan dulot ng paglanghap ng tirgas at tama ng mga *rubber bullet*.


Ang mga protesta ay bahagi ng mahigit isang-buwang paggunita ng mga Palestino sa ika-70 anibersaryo ng Al-Nakba o Delubyo, ang araw kung saan pinalayas sila sa kanilang lupa para bigyan-daan ang pagbubuo ng estado ng Israel noong Mayo 15, 1948. Mahigit 750,000 Palestino ang nawalan ng tirahan noon. Sa ngayon, tinatayang nasa pitong milyon ang mga kaanak ng orihinal na mga bakwit at nakakalat sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Sinimulan ang mga protesta noong Abril 1 bilang paggunita sa "Land Day" kung saan binaril at napatay ng mga sundalong Israeli ang anim na kabataang Palestino na lumalaban sa pang-aagaw ng Israel sa kanilang lupa noong Marso 30, 1968. Ang mga protesta, na nilalahukan ng ilandaanlibong Palestino, ay nagtayo ng mga barikada at kampuhan sa harap ng pader na itinayo ng Israel at Egypt noong 2007 at nagkukulong sa mga Palestino sa masikip na teritoryo ng Gaza.

Binatikos maging ng United Nations ang walang pakundangang pamamaril ng Israel at paggamit ng labis na pwersa laban sa di-armadong mga sibilyan. Anito, iligal ang pamamaril gamit ang *live rounds*. Kinundena naman ng ILPS ang patuloy na pagsuporta ng imperyalismong US sa estado ng Israel at ang teroristang pandarahas nito sa mamamayang Palestino. AB

# Mga *drone*: kasaysayan ng panghihimasok at pangwawasak

Sa pagtanggap ng rehimeng Duterte sa anim na ScanEagle 2 *drone system* noong Marso 13, ipinagpapatuloy ng papet na gubyerno ang mahigit isang dekada nang pagkontrol ng US sa mga *drone* na pinalilipad sa himpapawid ng Pilipinas.



Tahasang lumalabag sa soberanya ng Pilipinas ang pagpapalipad ng US ng mga *drone* sa himpapawid na saklaw ng teritoryo ng bansa. Labis na mapanghimasok ang pagmamanman ng mga ito sa mga aktibidad ng mamamayan, at pagdirihe sa AFP at PNP na umatake at bombahin ang mga komunidad sa ngalan ng "gera kontra-terorismo" ng US.

Sa pamamagitan ng mga *drone*, nadidirihe ng US ang AFP dahil sa kakayahan ng mga ito sa pagkuha ng impormasyon mula sa himpapawid, at gayundin ang kakayahang umatake.

Sa karanasan ng bansa, ginagamit ang mga *drone* ng US para tukuyin ang lokasyon ng mga balak bombahin ng mga eroplano ng Philippine Air Force. Liban dito, ilang mga *drone* rin ang mismong naghuhulog ng mga bomba. Sa nagdaang 16 taon, pinakamalalaking pinsala ng mga pambobomba ay sa mga sibilyang komunidad sa Mindanao.

Unang naitala ang paggamit ng *drone* sa bansa noong Marso 2002. Ipinakat ng Central Intelligence Agency, ang pangunahing ahensya sa paniktik ng US, ang mga Gnat *drone* sa unang mga buwan ng pagsisimula ng operasyon ng Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P). Ginawang base ng mga Gnat ang Edwin Andrews Air Base sa Zamboanga City, samantalang sa karatig na Camp Navarro naman nakaistasyon ang JSOTF-P. Mula 2002-2015, ang JSOTF-P ang nagsanay sa AFP at PNP bilang mga instrumento ng US sa Foreign Internal Defense nito sa bansa, na mas kilala bilang mga operasyong kontra-insurhensya.

Kakumbina ng mga Gnat ang mga eroplanong pambomba ng Philippine Air Force na mga OV-10 Bronco, na nagdadala ng mga bombang may bigat na 227-315 kilo. Ginamit ng US ang Bronco sa gera sa Vietnam, pero pinaunlad noong 2004 ($6 milyon) at 2010 ($19 milyon) upang magamit kakumbina ang mga *drone.*

Noong Pebrero 2, 2012, kakumbina ng mga ScanEagle *drone*, apat na *smart bomb* ang inihulog ng dalawang OV-10 Bronco sa Barangay Lanao Dakula sa Parang, Jolo, Sulu. Target umano ng naturang *airstrike* ang tinaguriang mga terorista na sina Zulkifli bin Hir (Marwan) at Muhammed Abdullah Ali (Muawiyah) subalit pawang mga sibilyan ang namatay sa insidente.

Kabilang sa mga sumunod na pinalipad ng US ay ang mga Predator *drone.* Mas malaki at mas mabilis ito kumpara sa mga Gnat, at may kakayahang magkarga ng mga bomba. Sa isang panayam, inamin ng mga upisyal sa paniktik ng US na noong Setyembre 2006, nagpabugso ng mga misayl na Hellfire ang mga *drone* na Predator target ang isang komunidad sa Tawi-tawi kung saan naroroon umano si Umar Patek, ang itinuturo ng US na nagplano ng pambobomba sa Bali, Indonesia noong 2002. Sa mga iniulat na kaswalti, hindi kabilang si Patek.

Sinundan ito ng pag-eksperimento ng US Marines ng *drone* na Silver Fox sa sumunod na buwan, nang dumating ang 31st Marine Expeditionary Unit. Sa tabing ng mga pagsasanay-militar, nailulunsad ng US ang gera nito gamit ang AFP at PNP bilang kanilang mga kahalili. Sa buong panahong inilagi ng JSOTF-P, sinanay at inarmasan ng US ang mga pwersang Pilipino, binigyan ng paniktik mula sa mga *drone* at *satellite*, at minanduhan sila sa mga labanan.

Bagamat pilit itinatago sa publiko ng mga gubyerno ng US at Pilipinas ang paparaming presensya ng mga *drone* sa bansa, nalalantad ang mga ito dahil sa lumalawak na saklaw at tumitinding pangwawasak na resulta ng mga pambobomba.

Sa pagkubkob ng AFP sa Zamboanga City noong Setyembre 2013 upang atakehin ang Moro National Liberation Front na nagprotesta sa lunsod, kabilang sa mga ginamit ng AFP ang mga *drone* na Raptor at Knight Falcon na siyang naggiya sa mga pambobomba nang mahigit dalawang linggo. Nagresulta ito sa pagkawasak ng syudad at pagkawala ng tirahan ng may 120,000 sibilyan.

Kinontrol din ng mga sundalong Amerikano ang pagpalipad ng mga *drone* nang kubkubin ng sinanay nitong mga batalyon ng AFP at PNP ang Marawi noong Mayo 2017. Matapos ang ilang linggong tuluy-tuloy na pambobomba, nadurog ang syudad at winasak ang kabuhayan ng daan-daanlibong residente.

Nalalantad din ang presensya ng mga *drone* dahil sa mga aksidenteng kinasasangkutan ng mga ito. Noong 2002-2009, hindi bababa sa limang insidente ang naiulat na pagbagsak ng mga *drone.* Karamihan sa mga ito ay isinisisi sa di-paborableng klima sa bansa. Mayroon ring resulta ng kontra-atake ng mga armadong grupong Moro. AB

# Apat na sibilyan, pinaslang ng AFP

Apat ang pinatay at 13 ang inaresto ng mga pulis at sundalo ng teroristang rehimeng US-Duterte nitong nakaraang dalawang linggo.. Nagpapatuloy din ang militarisasyon at pambobomba sa kanayunan, laluna sa Mindanao.

**Pagpaslang.** Binaril at napatay si Agudo Quillio, 52, residente ng Purok Gemilina, Sityo Lawaan, Barangay Kingking, Pantukan, Compostela Valley at tagapangulo ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Pantukan (Humapan) ng mga armadong elemento sa ilalim ng 46th IB dakong 6:30 ng gabi noong Marso 20. Naghahanda ng hapunan si Quillio nang sapilitang pasukin ng tatlong armadong lalaki ang kanilang tahanan. Pagkapasok ay agad siyang pinagbabaril sa dibdib, dahilan ng kaniyang agarang pagkamatay.

Si Quillio at ang kanyang organisasyong Humapan ay aktibong tumututol sa operasyon ng kumpanyang St. Augustine Gold and Copper Limited mula Canada, at sa $2-bilyon halagang Kingking Mining Project sa Pantukan. Siya rin ay aktibong sumuporta sa ARB One Movement, isang organisasyon ng mga benepisyaryo ng repormang agraryo sa rehiyon na nakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at libreng pamamahagi ng lupa.

Noong Marso 22, binaril at napatay ng mga hinihinalang paramilitar ang isang Manobo mula sa Barangay Gupitan, Kapalong, Davao del Norte. Ang biktima ay kinilalang si Garito Malibato, 23-anyos, at kasapi ng grupong Lumad na Karadyawan. Bago ang pagpaslang ay makailang-beses na nakatanggap si Garito ng mga pagbabanta mula sa mga kasapi ng Alamara, isang grupong paramilitar na pinamumunuan nina Ungging at Laris Masaloon. Ang mga paramilitar na ito ay matagal nang aktibong nandarahas sa grupong Karadyawan at sa mga paaralang Lumad sa Kapalong sa ngalan ng kontra-insurhensyang kampanya ng rehimeng Duterte.

Noong Marso 21, binaril at napatay si Nasrudin Kadatuan, isang negosyanteng Moro, habang sakay ng kanyang motorsiklo pauwi sa kanilang tahanan sa Talayan, Maguindanao at dumadaan sa detatsment ng 2nd Mechanized Battalion ng AFP. Si Kadatuan ay inakusahan ng militar na kasapi ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) na sangkot sa panghaharas sa nasabing detatsment noong gabi ng pagpaslang, dakong 8:30 ng gabi. Pinagbintangan din siya na sangkot sa isang armadong engkwentro sa Barangay Lower Salvo, Datu Saudi Ampatuan, Maguindanao.

Pinabulaanan ni Abu Misri Mama, tagapagsalita ng BIFF, ang mga akusasyon ng militar. Ayon kay Mama, si Nasrudin ay isang sibilyan at kahit ang mga militar ay kilala siya. Pinasinungalingan din ng mga residente ang ulat ng pulisya na nagsasabing siya ay nabaril sa palitan ng putukan ng dalawang panig. Ayon sa Kawagib, isang organisasyong Moro para sa karapatang-tao, ang pagpaslang kay Kadatuan ay bahagi ng nagpapatuloy na kampanyang "gera kontra-terorismo" ng rehimeng Duterte laban sa mamamayang Moro ng Mindanao.

**Iligal na pag-aresto at pagsampa ng gawa-gawang kaso.** Noong Marso 29, inaresto ng mga pulis at militar si Ruby Lacadman, 38-anyos, maralitang aktibista at organisador ng Kadamay, sa kanyang tahanan sa Barangay Cacutud, Mabalacat City, Pampanga. Bagamat Ruby Palabrica y Quitason ang pangalan na nakalagay sa *warrant of arrest* na ginamit, pinaratangan si Lacadman na sangkot sa isang kaso ng pagpaslang sa Cadiz City, Negros Occidental noong 2010. Ang Ruby Palabrica na tinutukoy sa mandamyento ay isa sa 600 na pangalan na inilista ng Department of Justice bilang mga kasapi ng PKP at BHB.

Pinasinungalingan naman ng Kadamay ang paratang na ito. Ayon kay Elvie Adona, tagapagsalita ng Kadamay-Metro Clark, si Lacadman ay matagal nang naninirahan sa Pampanga at malabong sangkot sa kasong pinaparatang sa kanya. Matapang na lumaban si Ruby sa planong pagpapalayas ng Hausland Corp., kasabwat ang lokal na pamahalaan ng Mabalacat, sa mga maralitang naninirahan sa mga eryang pinagpaplanuhan nitong kamkamin at pagtayuan ng mga *residential subdivision*.

Sa Davao, marahas na binuwag ng kapulisan noong Abril 2 ang ipinutok na welga ng mga manggagawa ng Coca-Cola. Iligal ring inaresto ng mga pulis ang 10 unyonistang kasapi ng Kilusan ng Manggagawa Laban sa Coca-Cola (KIMACO), isang samahan na kaanib ng Kilusang Mayo Uno (KMU).

Ipinapanawagan ng mga manggagawa ang pagbalik sa 72 nilang kasamahan na tinanggal sa trabaho noong nakaraang buwan. Ang mga inaresto ay kinilalang sina Sustenes Bantayan, tagapangulo ng KIMACO-KMU, Ricardo Sales, Ryan Balera, Reynaldo Mane, Antonino Bayawan, Ayan Dibalgui, Jesse Monticillo, Alvin Buccat, Ronnel Calacat, at Michael Olan-Olan. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong *grave coercion* at *disobedience* at kasalukuyang nakakulong sa istasyon ng pulis sa Talomo.

Sa parehong araw dakong alas-2 ng hapon, iligal na inaresto ng pinagsanib na pwersa ng 73rd IB at PNP Polomolok si Mary Ann Mariano, 35, kasama ang kanyang sanggol na 3-buwan at anak na 7-taong-gulang sa Purok Hechanova, Barangay Poblacion, Polomolok, South Cotabato. Walang *warrant of arrest* na ipinakita ang mga umaresto kay Mariano. Dinala siya at ang kanyang mga anak sa PNP

Polomolok kung saan idineklarang siya ay isang Pulang mandirigma na boluntaryong sumurender. Pinagbintangan ng 73rd IB si Mariano na myembro umano ng Front 71 ng Far South Mindanao Region. Hanggang sa kasalukuyan ay hawak ng militar ang mga biktima.

Noong umaga ng Marso 24, dinukot ng mga elemento mula sa 25th IB si Adelaida 'Nanay Ede' Macusang, 59-anyos, residente ng Purok 3, Barangay Camansi, Montevista, Compostela Valley at aktibong kasapi ng Montevista Farmers Association (Montefarma). Ayon sa kanyang pamilya, dinala si Nanay Ede sa punong himpilan ng 25th IB sa Monkayo, Compostela Valley. Ayon sa pinakahuling balita ng Montefarma sa Karapatan-SMR, inihatid ng militar si Nanay Ede sa isang kalapit na istasyon ng PNP kung saan siya sinampahan ng gawa-gawang kasong *illegal possession of explosives*.

**Intimidasyon at panggigipit.** Sa pahayag ng Karapatan-Quezon noong Abril 2, kinundena nito ang tumitinding presenya ng militar at ang sunud-sunod nilang operasyon sa South Quezon, Bondoc Peninsula. Humimpil sa mga simbahan ang mga sundalo na naka-*full battle gear*. Bukod dito ay nagpapakalat at nagbabalandra rin sila ng mga malisyosong *tarpaulin* at mga babasahin laban sa mga progresibong organisasyon at lider na nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan.

Sa pahayag nito noong Marso 14, isang pinaghihinalaang upisyal sa paniktik ng AFP ang nanutok at nagkasa ng baril sa tatlong sibilyan sa isang terminal ng bus sa Calauag, Quezon. Ang mga biktima ay kinilalang sina Julius Bataller, Larry Alleluya at Kennet Quizana na kabilang sa mga organisasyong nagpapanawagan ng katarungan kay Fe delos Santos, isang matandang babae na pinaslang ng mga ahente ng militar dahil lamang siya'y ina ng isang kilalang kumander ng Bagong Hukbong Bayan.

Noong Marso 26 sa Tuguegarao City, nagpakalat ang mga hinihinalang elemento ng AFP at PNP ng mga malisyosong polyeto na nagsasabing may mga mamamatay-taong Sparu ang BHB sa Barangay San Gabriel na umaaligid at nagtatago laluna sa sinasabing upisina ng Anakpawis. Inakusahan din sa nasabing polyeto na kasapi ng BHB at "terorista" si Isabelo Adviento, panrehiyong tagapag-ugnay ng Anakpawis, at ang mga myembro ng *partylist*.

Sa Laguna, kinampuhan naman ng mga armadong elemento mula PNP, SAF at SWAT ang paaralan sa tapat ng FEMSA Sta. Rosa Plant tatlong araw mula nang iputok ng Liga na Pinalakas ng Manggagawa sa Coca-Cola FEMSA Philippines (LPMCCFP) ang kanilang welga noong Marso 21. Para takutin ang mga welgista, nagdeploy ng mga armadong tauhan ang kapulisan sa loob ng pagawaan. AB

## IFFM, hinarang ng AFP

SA UNANG ARAW ng International Fact-Finding Mission to Defend Filipino Peasants' Land and Human Rights Against Militarism and Plunder in Mindanao noong Abril 6, sinalubong ng intimidasyon at panggigipit ang tatlong grupo ng mga delegado simula nang dumating sila sa mga *airport* sa Davao City, Laguindingan at Butuan City. Paglabas sa mga *airport* ay agad na pinalibutan ang mga delegado ng mga hinihinalang elemento ng militar na kumuha ng mga litrato at bidyo.

Makailang beses pang hinarang at pinatigil nang walang dahilan ang mga komboy ng mga grupo ng pinagsanib na pwersang PNP at Scout Rangers sa magkakaibang mga *checkpoint*. Sa kabila nito ay matagumpay namang nakatuloy ang mga delegado sa pupuntahang mga lugar.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), mayroon nang naisadokumentong 126 pampulitikang pamamaslang hanggang noong Disyembre 2017; 110 sa mga biktima ay mga magbubukid at mga lider-magsasaka, karamihan ay mula sa isla ng Mindanao.

Sa Compostela Valley pa lamang, isa sa lugar na target ng misyon, walang tigil ang pagpaslang ng 46th IB sa mga lider-magsasaka na aktibong tumututol sa pagpasok at pag-opereyt ng mga mapaminsalang mina sa kanilang komunidad. Ayon sa KMP, mahigit 20 magsasaka at lider-magsasaka mula sa Compostela Valley ang pinaslang ng yunit-militar na ito magmula 2016, kabilang sina Jimmy Saypan na pinaslang noong Setyembre 2016, at ang mag-asawang Leonila Tapasan-Pesadilla at Ramon Pesadilla na pinaslang noong Marso 2017. Si Saypan at ang mga Pesadilla ay kapwa aktibo sa kampanya laban sa pagpasok at eksplorasyon ng Agusan Petroleum and Mineral Corporation na sasaklaw ng 2,400 ektarya sa kanilang bayan sa Ngan, Compostela.

Pinangunahan ang IFFM ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Mindanao for Civil Liberties, Tanggol Magsasaka, Asian Peasant Coalition, PAN Asia Pacific, People's Coalition for Food Sovereignty, Rural Missionaries of the Philippines, International League of Peoples Struggles at ng Youth for Food Sovereignty.

Lumahok din ang ilang personalidad mula sa akademya, mga abogado, midya, relihiyoso, mga progresibong mambabatas, at iba pang sektor.

Tumagal ang IFFM mula Abril 6-9. Kabilang sa mga pinuntahan ng grupo ang ilang komunidad sa Southern Mindanao, Northern Mindanao at Caraga.